1. Sa konteksto ng edukasyon, alin sa sumusunod ang pinakamakabuluhang at tumpak na kahulugan ng kurikulum?

a. Ito ay tanging mga aklat at materyales na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo lamang.
b. Ito ay komprehensibong plano ng pag-aaral na naglalaman ng mga kurso, aktibidad, at pamantayan na kailangang matutunan ng mga mag-aaral sa bawat antas.
c. Ito ay lista ng mga gawain na kailangang gawin ng mga mag-aaral sa bahay para sa bawat asignatura.
d. Ito ay dokumento na nagpapatunay na ang isang paaralan ay kinikilala ng gobyerno.

2. Maraming eksperto sa edukasyon ang nagsasabing ang kurikulum ay "ang buong hanay ng karanasan na natatanggap ng mag-aaral, kapwa sa loob at labas ng silid-aralan". Alin sa sumusunod ang nagsasalin ng ganitong kahulugan?

a. Ang kurikulum ay puro teorya at aralin mula sa aklat lamang na itinuturo sa paaralan.
b. Ang kurikulum ay kinabibilangan ng lahat ng bagay na natutunan ng mag-aaral mula sa mga asignatura, palaro, hanggang sa pakikipag-ugnayan sa kapwa sa loob at labas ng paaralan.
c. Ang kurikulum ay tanging mga pagsusulit at gawain sa silid-aralan lamang na kailangang tapusin.
d. Ang kurikulum ay inilaan lamang para sa mga guro para malaman nila kung anong ituturo nila.

3. Sa kasalukuyang sistema ng edukasyon sa Pilipinas, hanggang saang baitang ang saklaw ng primaryang edukasyon kung saan karaniwang gumagamit ng katutubong wika bilang midyum ng pagtuturo sa unang baitang?

a. Hanggang sa Grade 4 lamang.
b. Hanggang sa Grade 6
c. Hanggang sa Grade 7
d. Hanggang sa Grade 10.

4. Ang Matatag Curriculum ay bagong plano ng pag-aaral na ipapatupad paunti-unti mula 2024 hanggang 2028 na naglalayong bawasan ang dami ng asignatura at magtuon sa pagbasa, pagsulat, at pagkalkula. Kailan unang ipapatupad ito para sa mga mag-aaral na nasa Baitang 2?

a. Sa taong panuruan 2024-2025
b. Sa taong panuruan 2025-2026
c. Sa taong panuruan 2026-2027
d. Sa taong panuruan 2027-2028.

5. Ang intermedyet na edukasyon ay nasa pagitan ng primarya at senior high school, na sumasaklaw mula Grade 7 hanggang Grade 10 at may espesyal na asignatura para maghanda sa susunod na antas. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa mga pangunahing asignatura sa intermedyet na edukasyon?

a) Filipino
b) Matematika
c) Teknolohiya at Livelihood Education (TLE)
d) Arkitektura

6. Ang Senior High School (SHS) ay bahagi ng K-12 program na nagbibigay ng espesyal na kurso batay sa track na pinili ng mag-aaral. Anong track sa SHS ang may strand na Accountancy, Business, at Management (ABM)?
a) Technical-Vocational-Livelihood (TVL) Track
b) Arts and Design Track
c) Academic Track
d) Sports Track

7. Ang vocational secondary education o teknikal-bokasyonal na edukasyon ay isang uri ng kurikulum na nakatutok sa praktikal na kasanayan. Ano ang pangunahing layunin nito para sa mga mag-aaral?

a) Maghanda lamang para sa pagpasok sa kolehiyo at pagkuha ng propesyonal na kurso.
b) Bigyan ng tiyak at praktikal na kasanayan na maaari nilang agad na gamitin sa kanilang napiling trabaho o bokasyon.
c) Palakasin lamang ang kakayahan sa sining at paglikha.
d) Turuan ng malawak na teorya na walang kaugnayan sa tunay na gawain.

8. Ang mas mataas na edukasyon o kolehiyo ay may kurikulum na dapat sumunod sa mga alituntunin ng isang ahensya ng gobyerno. Sino ang namamahala at nagre-regulate sa kurikulum ng lahat ng unibersidad at kolehiyo sa Pilipinas?
a) Department of Education (DepEd)
b) Commission on Higher Education (CHED)
c) Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)
d) Department of Science and Technology (DOST)

9. Ang Special Education (SPED) Curriculum ay idinisenyo para sa mga mag-aaral na may kapansanan at may kakaibang pangangailangan sa pag-aaral. Ano ang tawag sa personal at inangkop na plano ng edukasyon na ginagawa para sa bawat mag-aaral na may kapansanan?
a) Modified Curriculum
b) Multisensory Instruction
c) Individualized Education Program (IEP)
d) Social Skills Training

10. Sa SPED Curriculum, may mga paraan at kagamitan para tulungan ang mga mag-aaral na may partikular na kapansanan. Alin sa sumusunod ang tiyak na kagamitan na ginagamit para tulungan ang mga mag-aaral na may kapansanan sa pandinig at paningin?

a) Assistive Technology
b) Mga Visual Aids lamang tulad ng chart at larawan
c) Mga Audio Recordings lamang ng mga aralin
d) Mga Libro lamang na may malaking letra

11. Kailan naitatag ang Philippine Science High School (PSHS)?

A. 1994

B. 1964

C. 1975

D. 2001

12. Sino ang pangulong nagpatupad ng batas na lumikha sa PSHS?

A. Emilio Aguinaldo

B. Diosdado Macapagal

C. Ferdinand Marcos

D. Ramon Magsaysay

13. Ang Science High School Curriculum ay nakatuon sa mga estudyanteng mahilig sa _______.

A. Sining at musika

B. Agham at Matematika

C. Sports at pagsayaw

D. Pagluluto at negosyo

14. Aling ahensya ang nangangasiwa sa Philippine Science High School System?

A. CHED

B. DepEd

C. DOST

D. TESDA

15. Kailan unang naipatupad ang Regional Science High Schools (RSHS)?

A. 1964

B. 1972

C. 1994

D. 2005

16. Ang pangunahing layunin ng Science High School Curriculum ay ihanda ang mga estudyante sa _______.

A. STEM at Research

B. Sports Development

C. Arts and Humanities

D. Economics and Business

17. Ano ang tawag sa antas ng pag-aaral na mas mataas pa sa Master’s Degree?

A. Bachelor's Degree

B. Vocational Degree

C. Graduate Diploma

D. Doctorate Degree

18. Ano ang karaniwang ginagawa sa Postgraduate studies?

A. Puro field trip

B. Pagsulat ng thesis at research

C. Puro group activity

D. Basic subjects lang

19. Alin sa mga sumusunod ang dahilan kung bakit competitive ang pagpasok sa Science High School?

A. Wala masyadong requirements

B. Maraming slots para sa lahat

C. Mataas ang standards at limited ang tumatanggap

D. Walang exam kaya madali lang

20. Ano ang naitutulong ng Postgraduate Curriculum sa mga propesyonal?

A. Nagpapabagal sa career

B. Nagbibigay ng mababaw na kaalaman

C. Mas pinapalawak ang expertise at research skills

D. Puro memorization lamang

21. Ito ay inilabas noong Mayo 17, 2003 ni dating pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Ito ay naglalayong mapahusay ang kakayahang mag-Ingles ng mga mag-aaral upang mapalakas ang kanilang kakayahang makipagkumpitensya sa pandaigdigang antas.

A. Executive Order No. 210
B. House Bill No. 4701
C. Ang EFA 2015
D. House Bill No. 3719

22. Ito ay isang batas upang palakasin at paunlarin ang paggamit ng wikang Ingles bilang midyum ng pagtuturo sa mga paaralan sa Pilipinas.

A. Executive Order No. 210
B. House Bill No. 4701
C. Ang EFA 2015
D. House Bill No. 3719

23. Kilala ito bilang isang sistema ng edukasyon sa Pilipinas na sumasaklaw sa Kindergarten at 12 taon ng basic education.

A. Senior High School
B. Out of School Youth (OSY)
C. Ang K-12
D. Junior High School

24. Bakit binawasan ang learning competencies sa MATATAG curriculum?

A. Upang pabigatin ang workload ng mga mag-aaral
B. Upang bigyang-daan ang foundational skills
C. Upang alisin ang Filipino subject

D. Upang gawing mas mahirap ang curriculum

25. Alin ang HINDI kabilang sa makrong kasanayan sa Filipino?

A. Pakikinig
B. Pagsulat
C. Pagluluto
D. Pagsasalita

26. Ano ang papel ng Asignaturang Filipino sa pambansang identitad?

A. Pahinaan ang paggamit ng Filipino
B. Palalimin ang pag-unawa sa kultura at kasaysayan
C. Palitan ang panitikan ng mga tekstong Ingles
D. Ang pagtuturo ng mga ibat ibang kakayahan

27. Ano ang isa sa mga pangunahing layunin ng K-12 curriculum?

A. Bawasan ang bilang ng mga taon sap ag-aaral
B. Ituro lamang ang basic subjects
C. Itigil ang senior high school
D. Ihanda ang mga mag-aaral para maging globally competitive

28. Ano ang pangunahing layunin ng Executive Order No. 210?

A. Palakasin ang Ingles bilang midyum ng pagtuturo
B. Palakasin ang Filipino bilang midyum ng pagtuturo
C. Ipatupad ang K-12 curriculum
D. Itaguyod ang MTB-MLE

29. Ang layunin nito ay gamitin ang mother tongue bilang midyum ng pagtuturo sa mababang baitang.

A. House Bill No. 3719
B. Ang EFA 2015
C. House Bill No. 4701
D. House Bill No. 379

30. Ano ang isa sa mga hamon sa pagtuturo ng Filipino?

A. Sobra-sobrang oras para sa Filipino
B. Mataas na interes ng mga mag-aaral
C. Katamaran ng mga mag-aaral

D. Kakulangan ng materyales

32. Ito ay isang kurikulum na nagbibigay-diin sa panitikan sa asignaturang Ingles sa secondary education

a. Understanding by Design
b. Secondary Education Program 2010
c. K-12 Kurikulum Secondary Education Program 2010
D. K-12 Kurikulum

32. Ito ay isang framework sa pagtuturo na naglalayong mapahusay ang pag-unawa ng mga estudyante sa mga pangunahing konsepto.

a Understanding by Design
b.Secondary Education Program 2010
c. K-12 Kurikulum ay isang approach na pinagsasama ng face-to-face learning at online learning
d. Blended Learning

33. Ito ay kilala rin bilang digital learning o e-learning.

a. Blended Learning
b. Online Learning
c. Digital Thumbprint Program
d. Face to face leraning

34. Layunin nitong ituro sa mga mag-aaral ng tamang online behavior at makalikha ng bukas, inklusibo,t ligtas na online environment
a. Blended Learning
b. Online Learning
c. Digital Thumbprint Program

35. Layunin nitong ituro sa mga mag-aaral ng tamang online behavior at makalikha ng bukas, inklusibo,t ligtas na online environment
a. Blended Learning
b. Online Learning
c. Digital Thumbprint Program
d. Modular

36. Sa paraang ito, ginagamit ang computer,internet, at gadgets bilang pangunahing kasangkapan ng pagaaral.
a. Performance matrix
b. Content Matrix

c. Virtual Learning
d. Virtual Learning

37. Ito ay nagbibigay ng mga probisyon tungkol sa mga karapatan, tungkulin, at relasyon ng mga magulang sa edukasyon
a. Content Matrix
b. Performance matrix
c. Seksyon 4 Batas Pambansa BLG 232
d. House Bill 4701

38. Ipinapakita nito ang mga inaasahang pagganap o output ng mga mag-aaral sa bawat taon, batay sa mga akdang pampanitikan na pinag-aaralan.
a. Performance matrix
b. Content Matrix
c. K-12 Kurikulum
d. SEDP

39. Ito ay magbigay ng gabay sa mga guro at mag-aaral upang maunawaan ang mga inaasahang paksa at kasanayan sa bawat taon ng pag-aaral sa Filipino.
a. Performance matrix
b. Content Matrix
c. K-12 Kurikulum
d. NESC

40. Ito ay inilungsad noong 2010 na naglalayong gawing globally competitive ang mga mag-aaral na Pilipino.
a. Performance matrix
b. Content Matrix
c. K-12 Kurikulum
d. UBd